AMPARO PORTILLA CRESPO

PRAYER

(Para la devoción privada)

O Diyos Amang Lumikha ng Santinakpan, pinagkalooban mo ang iyong lingkod at anak na si Amparo ng grasya na magkaroon ng wagas na pagmamahal bilang maybahay, ina at babaing mahabagin at maunawain sa matapat ng paglilingkod sa kapwa. Ipagkaloob mo nawa na mamuhay ako sa landas ng pag ibig tungo sa Kaharian ng Langit. Loobin mo nawang luwalhatiin ang iyong lingcod na si Amparo at ipagkaloob mo sa akin sa pamamagitan ng kanyang.

Panalangin ang biyayang hinihiling ko sa iyo... (banggitin ang kahilingan). Amen.

Ama Namin, Luwalhati sa Ama. Aba po Sta. Mariang Hari...

May Pahintulot na Eklesyastikal. Ayon sa mga kautusan ni Papa Urban VIII, isinasaad na walang pag-aalinlangan sa pagpapasya ng pamunuang Eklesyastikal, at ang dasal na ito ay hindi dapat na gamitin sa mga publikong pagsamba o pananampalataya.

Nakalibing siya sa cripta ng Katedral ng Almudena sa Madrid, sa loob ng kapilya ni San Fernando. Sinimulan ang bahagi ng proseso sa Madrid noong ika-17 ng Disyembre 2001 at natapos noong ika-11 ng disyembre 2004. Sinimulan ang proseso sa Roma ng ika-11 ng abril 2005.

Isinilang si Amparo Portilla Crespo sa Valencia, Espanya ng Mayo, 1925. Siya ang panganay sa apat na magkakapatid. Nang yumao ang kanyang ama, na napatay sa Digmaang Sibil sa Espanya, nang si Amparo ay labindalawang taong gulang pa lamang, siya' y nagkaroon na ng Matandang isip gayong bata pa, at nagdanas ng madlang kahirapan sa buhay.

Nagtapos siya ng Haiskul sa Paaralan ng Kamahal mahalang Puso sa Godella, Valencia noong ika- 25 ng Mayo 1943. Dito ay nagtamo siya ng isang medalyon ng mga Anak na Babae ni Maria. Sa okasyong ito, pinili niya ang kasabihan na "Inay, ilayo mo po sa akin ang anumang magiging dahilan ng paglayo ko sa Iyo". Naging matapat siya sa kasabihang ito sa buong buhay niya. Lagi siyang nakipag- ugnayan sa mga madre sa Paaralang iyon at palagi siyang nagtataglay ng taimtim na pag-ibit at pasasalamat sa kanila dahil sa pagmamahal at mabuting edukasyon na humubog sa kanya sa tulong ng mga madre. Ang buwan ng Mayo, na buwan ng Mahal na Birhen, ay nakaugnay sa mahahalagang pangyayari sa buhay niya. Isinilang siya sabuwang ito at bininyagan din. Tumanggap siya ng Unang Banal na Komunyon. Idinaos ang kaarawan ng kanyang Santo at siya'y yumao sa buwan ding ito.

Nag-aral si Amparo ng Pagtuturo at Pag-aalaga ng mga Bata at matiyagang nagturo ng Katesismo sa Parokya ng Santa Cruz, isang maralitang pook sa Valencia. Dito siya ay naglingkod sa mga mahihirap na kabataan.

Noong 1950, nagpakasal siya kay Federico Romero at doon sa Madrid sila nanirahan. Maligaya ang pagsasana nila at nagkaroon sila ng labing-isang mga anak na minahal at inaruga ni Amparo nang buong puso. Mapagpasensiya, maunawain, napakasipag,palaging masayahin at mapagbigay; nagdulot siya ng magandang halimbawa ng isang mabuting buhay Kristiyano.Palaging nagpapa-salamat siya sa Panginoom sa mga biyaya Niya, na ipinapalagay niyang di siya karapatdapat. At inialay niya ang anumang kahirapan na naranasan niya para sa mga taong higit na naghihirap. Hindi niya pinalalampas ang isang pagkakataon na tumulong sa kapwa, lalo na sa mga maralitang walang tahanan, nagdarahop, mga maysakit at sa mga kaluluwang napalayo sa Diyos. Hindi niya kailanman kinalimutan ang mga kabilang sa huling grupo na di tumutupad sa pagsamba at natutuhan niyang kilalanin ang mga mababuting ugali nila at di gaanong pina-pansin ang kanilang pagkukulang. Hindi rin siya nagtatanim ng galit sa kapwa kahit na siya'y sinaktan nila. Sa halip, lagi niyang pinatatawad at ipinamamalas sa kanila ang pag-unawa at pagmamahal.

Noong Pebrero 1994, si Amparo ay nagkaroon ng kanser sa baga at tinanggap niya nang mahinahon ang winika ng doctor at itinuring niya na ang kanyang sakit ay isang paraan upang siya at ang mga taong nasa tabi niya ay lalong mapalapit sa Panginoon. Tinanggap niya nang buong lakas-loob ang kalagayang ito at sa kalagayan niya ay nagdulot ng lubos na pag-ibig sa mga taong nasa paligid niya. Hindi nagbago ang kanyag pap-alala sa problema ng iba sa mga pangyayari sa lipunan. Tiniis niya ang mahabang panahon ng gamutan na-hindi siya nagreklamo kahit minsan. At inialay niya sa Diyos ang kirot at hirap at patuloy na tumulong siya at minahal siya yaong mga nag-alaga sa kanya.

Namatay siya nang madaling araw ng ika-10 ng Mayo 1996 sa kanyang tahanan sa Madrid. Sa mga huling araw bago siya yumao, madalas na nakatitig siya sa larawan ng Mahal na Birhen, "Ang Birhen ng mga Desamparados" na siya ang patron ng Valencia at nag-iwan siya ng kagandahang-loob at halimbawa ng tapat na buhay Kristiyano sa mga taong nakakilala sa kanya.

Doon sa mga naniniwalang nakatanggap sila ng pabor o tulong sa pamamagitan ng kan-yang pagdarasal, mangyari lamang na ipagbigay-alam sa "Association for the canonization of Amparo Portilla Crespo" sa Golfo de Salónica, 4, 1° D- 28033 (Spain), o sa P.O. BOX 19206, Madrid 28080 (Spain). E-mail: ampaport@terra.es lub www. amparoportilla.org